10
Grade

(GCED)

# Global Citizenship Education Lesson Exemplar

# ARALING PANLIPUNAN

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Araling Panlipunan
Grade Level: 10
Title: Isyu sa Paggawa: Implikasiyon at Tugon
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: James G. Osmulo

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Paul Gavasan, Maribeth A. Magpali, Mariles I. Sarmiento, Vergie R. Vergara, Ma. Eirish S. Zulueta, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-93-6
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-056

**Learning Area:** Araling Panlipunan

**Grade Level:** 10

**Quarter:** 2nd

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-emotional, Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.c. Naiguguhit ang mga ugnayan mula sa iba't ibang perspektiba at pandaigdigang pananaw.

D2.1.e. Nakaaangkop sa iba't ibang konteksto na may pagtutulungan, kooperasyon, at kolaborasyon.

D3.1.e. Nakapagpaplano ng mga inisyatiba para sa pagsulong ng kabutihang panlahat.

**GCED Topic/s:**

T1.3. Pagkakaugnay-ugnay ng global, nasyonal at lokal na mga sistema.

T4.1. Ekonomikong Interaksiyon at Pagdadamayan.

T4.2. Pagiging Inklusibo at Patas na Pag-unlad.

T5.3. Karapatang pantao at Humanitarian Law.

**Enhanced Content Standard/s:**

Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa sanhi at implikasiyon ng mga lokal at pandaigdigang isyu at hamong pang-ekonomiya gamit ang iba't ibang perspektiba/pananaw tungo sa pagkamit ng pambansa at pandaigdigang pagsulong at kaunlaran.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng programang pangkabuhayan (livelihood project) batay sa mga pinagkukunang yaman na matatagpuan sa pamayanan upang makatulong sa paglutas sa mga suliraning pangkabuhayan na kinakaharap ng bansa at daigdig.

**Time Allotment:**

60 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 6 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 7-17 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 18 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 19 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 20 |
| Assessment / Tayahin | 21-24 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 25 |
| References / Sanggunian | 26 |

# ISYU SA PAGGAWA:

## IMPLIKASYON AT TUGON



# LESSON INTRODUCTION

Tatalakayin sa araling ito ang isyu sa paggawa kaakibat ang epekto, implikasiyon at ang mga maaring tugon. Hangarin sa araling ito na maging mulat ang mga mag-aaral sa tunay na kalagayan ng kanilang lipunan ukol sa isyu sa paggawa. Ang ilan sa mga implikasiyon sa isyu sa paggawa ay ang paglaganap ng kriminalidad, kawalan ng sapat ng pagkain, kawalan ng pag-asa at marami pang iba.

Inaasahan na magiging mulat ang mga mag-aaral sa mga implikasiyon sa isyu sa paggawa, maari silang makatulong upang matugunan ang mga problemang ito sa lipunan.

Tatalakayin din dito ang mahahalagang gampanin ng mga ahensiya ng gobyerno at ang pakikipagtulungan sa civic organizations sa loob at labas ng bansa upang mapaunlad ang pamumuhay ng mga Pilipino o maging ng mga tao sa daigdig.

Sa huling bahagi ng araling ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay makabubuo ng mga mungkahi upang malutas ang suliranin sa paggawa kagaya ng unemployment, underemployment, job-mismatch or job skills mismatch, iskemang subcontracting at mababang pasahod.

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1.Naipaliliwanag ang epekto at implikasyon ng isyu sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa;

2.Naipapahayag ang iba't ibang pananaw sa mga implikasiyon at tugon sa isyu sa paggawa tungo sa pagkamit ng pambansa at pandaigdigang pagsulong at kaunlaran;

3.Napapahalagahan ang pagtutulungan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at ng ibang bansa upang matugunan ang mga suliranin sa paggawa; at

4.Nakabubuo ng mga mungkahi upang malutas ang suliranin sa paggawa kagaya ng unemployment, underemployment, job-mismatch or job skills mismatch, iskemang subcontracting at mababang pasahod.

# PRETEST
## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**Gawain 1.** Tukuyin kung ang inilalarawan sa bawat bilang na epekto ng globalisasyon ay negatibo or positibong epekto. Iguhit ang emoticon na happy  kung ang inilalarawan ay positibo at sad  na emoticon naman kung negatibo ang inilalarawang epekto ng globalisasyon. Iguhit ang emoticon sa bawat patlang.

_____1. Pagpasok ng mga produkto na naibebenta sa lokal na pamilihan ng mas mura kumpara sa mga lokal na produktong agrikultural.

_____2. Patuloy na pagdami ng mga lokal na produkto na iniluluwas sa ibang bansa at ang pagdagsa ng mga dayuhang produkto sa pamilihang lokal.

_____3. Malayang pagpasok ng mga kompanya at mamumuhunan sa industriya ng konstruksiyon, telekomunikasyon, beverages, mining, at enerhiya na kung saan karamihan sa mga kaugnay na industriya ay pagmamay-ari ng ibang bansa.

_____4. Ang paglaki ng porsyento o bilang ng mga manggagawa na naempleyo sa sektor ng serbisyo kagaya ng sa pananalapi, transportasyon, komunikasyon, turismo at business processing outsourcing (BPO).

_____5. Pagdami ng mga produkto na pagpipilian sa pamilihan.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

**Gawain 2.** Suriin ang talahanayan sa ibaba tungkol sa employment status ng populasyon 15 years old pataas by region noong 2016. Sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

| Region | Total Persons in the Labor Force | Total Employed Persons | Total Unemployed Persons | Total Underemployed Persons |
|---|---|---|---|---|
| Philippines Number (in thousands) | 68,125 | 36,400 | 2,625 | 7,431 |
| Total | 100.0 | 100.0 | 100.0 | 100.0 |
| NCR- National Capital Region | 12.9 | 12.8 | 15.5 | 6.0 |
| CAR – Cordillera Administrative Region | 1.8 | 1.9 | 1.2 | 2.4 |
| I- Ilocos Region | 4.9 | 4.8 | 6.0 | 4.9 |
| II-Cagayan Valley | 3.4 | 3.5 | 1.7 | 2.0 |
| III-Central Luzon | 10.7 | 10.6 | 12.4 | 9.1 |
| IVA-CALABARZON | 14.2 | 14.0 | 17.7 | 12.0 |
| IVB-MIMAROPA | 3.0 | 3.1 | 2.0 | 3.0 |
| V-Bicol Region | 5.8 | 5.9 | 4.8 | 10.5 |
| VI-Western Visayas | 7.6 | 7.6 | 8.2 | 8.5 |
| VII-Central Visayas | 8.0 | 8.1 | 5.9 | 6.0 |
| VIII-Eastern Visayas | 4.4 | 4.4 | 4.3 | 7.2 |
| IX-Zamboanga Peninsula | 3.7 | 3.7 | 2.5 | 3.7 |
| X-Northern Mindanao | 4.9 | 5.0 | 4.6 | 7.6 |
| XI-Davao Region | 4.8 | 4.8 | 4.2 | 4.4 |
| XII-SOCCSKSARGEN | 4.4 | 4.4 | 4.4 | 5.4 |
| Caraga | 2.7 | 2.7 | 2.5 | 4.7 |
| ARMM-Autonomous Region in Muslim Mindanao | 2.6 | 2.7 | 2.0 | 2.6 |

**Pamprosesong Tanong:**

1.Saang rehiyon mayroong mataas na bilang ng underemployment and unemployment?
2.Bakit may mataas na bilang ng underemployment sa rehiyon kung saan ang pangunahing hanapbuhay ay agrikultura?
3.Bakit nagkakaroon ng unemployment at underemployment ang isang bansa?
4.Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa mga isyu sa paggawa kagaya ng unemployment, underemployment, job-mismatch or job skills mismatch, flexible labor, iskemang subcontracting at mababang suweldo? Mayroon bang mabuting dulot ang globalisasyon sa paggawa? Ipaliwanag.
5.Paano mabibigyang proteksiyon ng ating pamahalaan ang karapatan ng mga manggagawa sa Pilipinas?

*Halaw mula sa Philippine Statistics Authority, Labor Force Survey, (PSA, 2016)*

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

**GCED Indicator D1.1.c.**

Batay sa mga pamprosesong tanong, tatalakayin ng guro ang iba't ibang isyu sa paggawa sa Pilipinas na dulot ng globalisasyon. Bibigyang linaw ng guro na ang globalisasyon ay may positibo at negatibong epekto sa paggawa at ekonomiya ng bansa. Sa ganitong paraan, makakapaghinuha ang mga mag-aaral tungkol sa mahalagang gampanin ng pamahalaan na magsulong ng mga batas upang maprotektahan ang karapatan ng mga manggagawa sa bansa.

Dito maaring maipapakita ng guro na ang mga nangyayari sa daigdig kagaya ng globalisasyon ay may malaking implikasiyon sa ekonomiya at sa mga isyu na kinakaharap ng bawat bansa sa kasalukuyan.

**Gawain 3.** TPag-aralan ang editorial cartoon na nasa ibaba.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang isyung panlipunan na inilalarawan sa karikatura (editorial cartoon)?

2.Ano-anong mga isyu sa paggawa at ang implikasiyon nito ang nakikita mo sa i yong sariling lipunan?

3. Sa anong paraan matutugunan ang mga isyu sa paggawa sa Pilipinas?

**GCED Indicator D2.1.e**

Sa bahaging ito, tatalakayin ng guro ang mga maaring tugon ng pamahalaan upang matugunan ang mga isyu sa paggawa. Magbibigay daan ang talakayang ito upang malaman ng mga mag-aaral ang iba't ibang batas ng ginawa ng ating pamahalaan upang magkaroon ng decent work and economic growth ang bansa na ayon sa Sustainable Development Goal 8 ng United Nations (UN).

Tatalakayin ng guro ang kahalagahan ng pagtutulungan ng bawat sektor sa lipunan pati na ang kooperasyon ng bawat bansa sa daigdig upang malutas ang suliranin sa paggawa. Ito ang magbibigay hudyat sa guro sa kanyang paglalahad ng paksa.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Gawain 4:** Hahatiin ang klase sa apat (4) na pangkat. Bibigyan sila ng babasahin na kanilang pag-aaralan sa loob ng limang minuto. Sasagutin ng bawat pangkat ang mga pamprosesong tanong na nakapaloob sa bawat babasahin.

Pagkatapos ng limang minutong pagbabasa, tatalakayin ng guro ang bawat paksa. Bibigyang diin niya ang mga sagot ng bawat pangkat sa mga pamprosesong tanong. Ito ang magiging gabay ng guro upang malaman niya kung naintindihan ba ng mga mag-aaral ang kanilang binasang babasahin. Sa bahaging ito, maaring itama ng guro ang mga sagot ng bawat pangkat sa mga pamprosesong tanong.Dito tatalakayin ng guro ang GCED themes and indicators.

Pagkatapos ng gagawing talakayan, pipili ang bawat pangkat ng isang kalahok sa gagawing Roundtable Discussion. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng isang minuto upang ibahagi ang kanyang kaalaman sa ibibigay na paksa sa kanila.

Magtatalaga ang guro ng isang moderator sa Roundtable Discussion na siyang magiging tagapagdaloy.

Ang mga miyembro ng pangkat na hindi kasama sa Roundtable Discussion ay maaring magtanong sa lahat ng kalahok.

**Mga babasahin ng lahat na pangkat:**

***1. Mga batas na tumatalakay sa pagkakaroon ng decent work and economic growth.***

| Panukalang Batas o Polisiya | Mahalagang Probisyon |
|---|---|
| 1. Article 2, Section 18 of 1987 Philippine Constitution | SEK. 18. Sa pinakamaagang posibleng panahon, dapat itaas ng Pamahalaan ang antas ng sahod ng iba pang mga opisyal at mga kawani ng pamahalaang pambansa. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| Panukalang Batas o Polisiya | Mahalagang Probisyon |
|---|---|
| 3. Labor Code of the Philippines | Art. 3. Pahayag ng mga pangunahing patakaran. Ang Estado ay dapat gumawa ng hakbang para sa proteksyon sa paggawa, nagtataguyod ng pagkakataon, tiyakin ang pantay na pagkakataon sa trabaho anuman ang kasarian, lahi o creed at umayos ang relasyon sa pagitan ng manggagawa at employer. Ang Estado ay dapat matiyak ang mga karapatan ng mga manggagawa sa sariling organisasyon, collective bargaining, seguridad sa trabaho, makatarungan at makataong kalagayan sa paggawa. |
| 2. Republic Act 6727 which is known as "Wage Rationalization Act" | Nagsasaad ng mga mandato para sa pagsasaayos ng pinakamababang pasahod o minimum wage na naaangkop sa iba't ibang pang-industriyang sektor na kinabibilangan ng sumusunod: hindi pang-agrikultura (non-agriculture), plantasyong pang-agrikultura at di-pamplantasyon, cottage/ sining sa pagyari sa kamay, at pagtitingi/serbisyo, depende sa bilang ng mga manggagawa o puhunan o taunang kita sa ilang mga sektor. |
| 3. COVID 19 Ajustment Measures Program (CAMP) under the Bayanihan to Recover as One Act, RA 11494 | Ang "Bayanihan to Recover as One Act", o Republic Act No. 11494, ay ang batas na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo R. Duterte na siyang nagsasaad ng kabuuang inisyatibo ng gobyerno sa patuloy na pagtugon sa unti-unting pagbangon mula sa pandemyang sanhi ng COVID-19.<br><br>Ilan sa mga programa na ginagawa ay ang mga sumusunod:<br><br>1. Makatatanggap ng P5,000 hanggang P8,000 ang mga overseas Filipino worker na nawalan ng trabaho at mga lugar na nasa ilalim ng mga mahigpit na lockdown.<br><br>2. Maliban sa ayuda, sa ilalim ng Bayanihan 2, puwedeng umutang nang mababa ang interes.<br><br>3. Ang Land Bank of the Philippines, Development Bank of the Philippines, Small Bank Corp., at Philippine Guarantee Corp. ay magkakaloob ng low-interest loans sa mga maliliit na negosyo.<br><br>4. Ang mga magsasaka at transport worker ay makatatanggap ng tulong pinansiyal. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| Panukalang Batas o Polisiya | Mahalagang Probisyon |
|---|---|
| | 5. Magkakaroon ng mga benepisyo para sa health workers tulad ng libreng insurance, personal protective equipment, hazard pay, at death at sickness benefit.<br><br>*Halaw sa Department of Labor and Employment, COVID19 Measures, (DOLE, 2020)* |
| 4. Interim Guidelines for Alternative Work Arrangements During the State of Public Health Emergency Due to COVID-19 Pandemic ng Civil Service Commission (CSC). | Nagsasaad ng iba't ibang alternatibong work arrangement para sa mga nagtatrabaho sa gobyerno habang patuloy na hinaharap ng bansa ang krisis bunsod ng coronavirus disease (COVID-19).<br><br>Ang mga sumusunod ang mga maaring kombinasyon ng alternatibong work arrangements na maaring sundin:<br><br>1. Work-from-Home<br>2. Skeleton (Skeletal) Workforce<br>3. Four-day (Compressed) Workweek<br>4. Work shifting/Flexible Working Hours<br>5. Other Alternative Work Arrangements.<br><br>*Halaw sa Civil Service Commission, Alternative Work Arrangements, (CSC, 2020)* |
| Batas Republika Blg. 1052 | Batas na nagtatadhana ng patakaran ukol sa pagkatanggal ng mga manggagawa.\ |
| Batas Republika Blg. 1131 | Batas na nagbabawal sa pagtanggap ng manggagawa na wala pang 18 taong gulang. |
| Batas Republika Blg. 772 | Batas na nagtatakda ng pagbabayad sa mga manggagawa na napinsala sa oras ng trabaho. |
| Batas republika Blg. 679 | Batas na nagtatakda na pagkakalooban ng maternity leave ang manggagawang babae ng dalawang buwan. |
| Batas Republika Blg. 8187 | Batas na nagbibigay ng isang linggong pahinga ng mga ama ng tahanan kapag nanganak ang asawa nito. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

| Panukalang Batas o Polisiya | Mahalagang Probisyon |
|---|---|
| Universal Declaration of Human Rights (UDHR) | Artikulo 23<br>1. Ang bawat tao'y may karapatan sa paggawa, sa malayang pagpili ng mapapasukang hanapbuhay, sa makatarungan at kanais-nais na mga kalagayan sa paggawa at sa pangangalaga laban sa kawalang mapapasukang hanapbuhay.<br><br>2. Ang bawat tao'y may karapatan sa kapantay na bayad ng kapantay na gawain, nang walang ano mang pagtatangi.<br><br>3. Ang bawat taong gumagawa ay may karapatan sa makatarungan at nababatay sa kabayarang tumitiyak sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya ng kabuhayang karapat-dapat sa karangalan ng isang tao, at pupunan, kung kailangan, ng iba pang paraan ng pangangalangang panlipunan.<br><br>4. Ang bawat tao'y may karapatang magtatag at umanib sa mga unyon ng manggagawa para sa pangangalaga ng kanyang mga kapakanan. |

**Paalala:** Maaring magbigay ng panahon ang guro upang makapagbasa sa internet ang mga mag-aaral ng katulad na batas o polisiya tungkol sa pagkakaroon ng decent work and economic growth.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang mga pamamaraan upang makamit ng ating bansa ang decent work at economic growth?

2. Paano tinutugunan ng ating pamahalaan ang isyu sa paggawa na dulot ng globalisasyon?

3. Nakatulong ba ang mga batas o polisiya ng pamahalaan sa paggawa upang maprotektahan ang karapatan ng ating manggagawa sa bansa? Patunayan.

4. Paano pinoproteKtahan ng ating pamahalaan ang mga karapatan ng ating mga kababayang nagtatrabaho sa ibang bansa bilang Overseas Filipino Workers (OFW)? Paano naman nasisiguro ang karapatan ng mga dayuhan na nagtatrabaho dito sa ating bansa?

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**GCED Theme T5.3 at T1.3**

Sa puntong ito, bibigyang linaw ng guro sa kanyang gagawing pagtatalakay na posibleng makamit ng ating bansa ang pagkakaroon ng decent work and economic growth ayon sa Sustainable Development Goal 8 ng United Nations (UN) kung bibigyang pansin ng ating pamahalaan ang mga hamon na dulot ng globalisasyon na may malaking epekto sa kalagayan ng paggawa. Kailangang ipaintindi ng guro sa mga mag-aaral na ang pamahalaan ay may tungkuling gumawa ng batas na kumikilala at tumataguyod sa karapatan ng mga manggagawa. Sa ganitong paraan, malalaman ng mga mag-aaral ang malaking gampanin ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga unyon upang masiguro ang pagtatanggol sa karapatan ng mga manggagawang Pilipino.

**2. Epekto at implikasiyon ng suliranin sa paggawa.**

Basahin at unawain ang nilalaman ng talaan.


| EPEKTO NG UNEMPLOYMENT | IMPLIKASIYON |
|---|---|
| • Tumitinding Kahirapan | -Paglaganap ng kriminalidad.<br>-Pagkawala ng sapat na pagkain na naging sanhi ng malnutrisyon at pagkakasakit.<br>-Paglaganap ng mga out of school youth.<br>-Child labor.<br>-Pagpasok sa prostitusyon.<br>-Pagbaba ng standard of living ng mga tao.<br>-Pagdami ng informal settlers o walang permanenteng tirahan, street children, at mga taong namamalimos.<br>-Pagdami ng taong umaasa sa gobyerno. |
| • Naapektuhan ang mental health o kalusugan ng pag-iisip ng mga tao. | -Pagkawala ng tiwala at pagtingin nila sa sarili.<br>-Pagkakaroon ng negatibong pag-uugali.<br>-Pagtaas ng porsyento ng nagpapakamatay. |
| • Pagkalugi ng mga lokal na negosyante. | -Pagkawala ng mga sakahan dulot ng pagtatayo ng mga gusali.<br>-Nagkakaroon ng land conversion. |
| • Humihina ang ekonomiya ng bansa na magdudulot sa mabagal na pag-unlad nito. | -Pagbaba ng Gross Domestic Product (GDP).<br>-Kaunting kita mula sa buwis.<br>-Mas mataas na welfare cost (mas maraming tao ang kumukuha ng benepisyo mula sa gobyerno) |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Pag-aralan ang pigura sa ibaba batay sa bilang ng mga mahihirap ng pamilya sa bansang Pilipinas noong 2018 ayon sa ginawang sarbey ng Philippine Statistics Authority.

**Pigura 1. Poverty and Subsistence Incidence Among Children, by Region, Philippines: 2018**




Source: Philippine Statistics Authority

Makikita sa pigura 1 na may 68.2 porsyento na mga bata o indibidwal na mas mababa sa 18 taong gulang sa BARMM ay nabibilang sa mga mahihirap na pamilya noong 2018. Ang BARMM ay may pinakamataas na insidente ng kahirapan sa mga bata sa buong bansa. Sinundan ito ng Region VIII, Region IX at Caraga na may kaukulang porsyento ng kahirapan na 40.0 porsyento, 39.9 porsyento at 39.8 porsyento.

Ang poverty incidence ay tumutukoy sa proporsiyon ng mga indibidwal o pamilya na ang kita/halagang kakailanganin ng kada tao o pamilya ay mas mababa pa kaysa per capita poverty threshold kumpara sa pangkalahatang bilang ng mga indibidwal o pamilya. Samantala, ang subsistence incidence ay tumutukoy naman sa proporsiyon ng mga indibidwal o pamilya na ang kita/halagang kakailanganin ng kada tao o pamilya ay mas mababa pa kaysa per capita food threshold kumpara sa pangkalahatang bilang ng mga indibidwal o pamilya.

**Pamprosesong Tanong:**

1.Bilang mag-aaral, paano ka naaapektuhan ng mga suliraning dulot ng isyu sa paggawa? Magbigay ng halimbawa.

2.Gaano kalala ang epekto ng isyu sa paggawa sa mga taong walang sapat na pagkain? Patunayan.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**3. Mga mungkahi sa paglutas ng unemployment.**

Basahin at unawain ang nilalaman ng talaan.

| MGA MUNGKAHI SA PAGLUTAS NG UNEMPLOYMENT |
|---|
| • Itaas ang antas ng produksiyon.<br>• Dagdagan ang insentibo sa trabaho.<br>• Kontrolin ang mabilis na paglaki ng populasyon.<br>• Gumamit ng angkop na teknolohiya para sa produksiyon sa paggawa.<br>• Palakasin ang small scale industries.<br>• Bigyan ng pantay na pagkakataong pangkabuhayan ang rural na mga pook.<br>• Linangin ang mga maliliit na industriya sa paggawa sa pook rural at urban.<br>• Iugnay ang mga kurso sa kolehiyo batay sa pangangailangan sa lakas paggawa.<br>• Ipagpatuloy ang urbanisasyon upang mabawasan ang paglipat ng mga taong naninirahan sa rural na pook patungong urban.<br>• Itaas ang antas ng paggastos ng pamahalaan upang makalikha ng bagong trabaho.<br>• Mamuhunan sa edukasiyon at pagsasanay upang maitaas ang produktibidad ng mga tao.<br>• Bigyang pagpapahalaga ang mga programang lumilikha o nagbibigay ng trabaho at subsidiya sa mga negosyo.<br>• Ituon ang pamumuhunan sa sektor ng agrikultura na maaring magbigay ng maraming trabaho sa mga pook rural.<br>• Palawakin ang patakaran sa pananalapi na naglalayon ng mababang interes upang magkaroon ng mataas na demand at kapit.<br>• Hikayatin ang pagkakaroon ng negosyo at paglikha ng mga bagong produkto na kailangan sa pamilihan. Ito ay upang makalikha ng bagong trabaho. |

**Pamprosesong Tanong:**

1.Ano-anong mungkahing proyekto na posibleng maging solusyon sa isyu sa paggawa na kaya mong gawin bilang isang mag-aaral? Paano mo ito gagawin?

2.Paano mo matutulungan ang ating pamahalaan sa pagpapatupad ng mga programa o proyekto upang malutas ang isyu sa paggawa kagaya ng unemployment? Magbigay ng halimbawa.

**GCED Theme D3.1.e**

Tatalakayin ng guro ang mga mungkahing proyekto na posibleng maging solusyon sa isyu sa paggawa kagaya ng unemployment.Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga proseso sa pagsasagawa ng kanilang proyekto. Sisiguraduhin ng guro na maipapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang mga hakbang kung paano nila matutulungan ang pamahalaan sa pagpapatupad ng mga proyekto o programa para sa iba't ibang isyu sa paggawa.

Dito maaring makapagpaplano ang mga mag-aaral ng mga inisyatiba para sa pagsulong ng kabutihang panlahat.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**4. Mga ahensiya ng pamahalaan na naglalayong mabawasan ang unemployment at mapaunlad ang bansa.**

Basahin at unawain ang nilalaman ng talaan.

| KAGAWARAN | TUNGKULIN |
|---|---|
| Department of Trade and Industry (DTI) | -Pinasisigla nito ang panlabas at panloob na kalakalan upang magkaroon ng trabaho ang mga mamamayan ng ating bansa.<br>-Tumutulong sa mga negosyante o mamamayang humahanap ng mga bagong pamilihan sa ibang bansa para sa mga produktong lokal, at inaakit ang mga dayuhang mangangalakal na magtatag ng kanilang industriya sa ating bansa. |
| Department of Labor and Employment (DOLE) | -Pinamamahalaan nito ang mga patakaran at suliranin sa paggawa at empleyo.<br>-Pinangangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa upang hindi sila mapagsamantalahan at maabuso ng kanilang employer.<br>-Namamagitan sa mga hidwaan sa pagitan ng mga manggagawa at employer.<br>-Nangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa at marami pang iba. |
| Philippine Overseas Employment Administration (POEA) | -Pamamahala ng mga benepisyo para sa mga Pilipinong OFW. Halimbawa: Paggawa ng mga seminar ukol sa pre-employment at anti-illegal recruitment sa buong bansa.<br>-Pangangasiwa ng recruitment agencies sa Pilipinas. Halimbawa: Pagbibigay ng mga lisensiya para sa mga recruitment agencies sa bansa.<br>-Pamamahala ukol sa trabaho sa ibang bansa. Halimbawa: Pag-rehistro ng mga employer mula sa ibang bansa.<br>-Paggawa ng iba pang serbisyong pang-administratibo. Halimbawa: Paggawa ng mga administratibong trabaho ukol sa paggawa ng mga plano at polisiya. |
| Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) | -Tumutulong sa mamamayan na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga paaralang pambokasyonal.<br>-Layunin na paunlarin ang manggagawang Pilipino na may kakayahan sa buong mundo, at ang pagbigay ng teknikal na edukasyon at kasanayan sa pamamagitan ng mga patakaran at mga programa nito. |
| National Economic Development Authority (NEDA) | -Tungkulin na bumalangkas ng mga planong pangkaunlaran.<br>-Tinitiyak na magpatupad ang mga planong pangkaunlaran upang makatugon sa mga layunin ng pambansang kaunlaran. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Pamprosesong Tanong:**

1.Paano nakakatulong ang mga ahensiya ng pamahalaan o mga labor organizations/unions upang maiwasan ang iba't ibang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso sa trabaho?

2.Sa anong paraan nakakatulong ang mga ahensiya ng pamahalaan o mga labor organizations/unions upang maiwasan ang iba't ibang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso sa trabaho?

3.Paano naipapakita ang pagtutulungan ng iba't ibang bansa sa daigdig upang magprotektahan ang karapatan ng kanilang mga manggagawa na nagtatrabaho sa ibang bansa?

4.Bakit mahalaga ang pagtutulungan ng bawat bansa sa daigdig sa paglutas ng mga suliranin sa paggawa?

**GCED Theme T4.1**

Ipapaliwanag ng guro na mahalaga ang pakikipagtulungan ng iba't ibang bansa upang malutas ang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon.Mahihinuha ng mga mag-aaral sa paksang ito na ang mga batas sa paggawa ng ibang bansa ay may malaking epekto sa maaring kahihinatnan ng manggagawa na nagtatrabaho sa ibang bansa o mga Overseas Contract Workers.

**ROUNTABLE DISCUSSION:**

Mga paksang pag-uusapan sa Roundtable Discussion.

1. Pagkawala ng sakahan dulot ng pagtatayo ng mga gusali.
2. Dumaranas ng depresiyon at pagkawala ng pag-asa sa buhay.
3. Paglaganap ng out of school youth.
4. Nagkakaroon ng brain drain dahil sa mataas na alok ng suweldo o sahod sa ibang bansa.
5. Pagtutulungan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at ng iba pang bansa upang matugunan ang suliranin sa paggawa.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Pamprosesong tanong para sa Roundtable Discussion:**

1.Paano naipatutupad ng iba't ibang bansa sa daigdig ang ika-walong Sustainable Development Goal (SDG) ng United Nations na tungkol sa pagkakaroon disenteng trabaho at pag-unlad ng ekonomiya?

2. Ano-anong polisiya ng bansa ang naglalayong mabigyan ng disenteng trabaho ang mga mamamayan nito?

3. Paano nagtutulungan ang iba't ibang bansa upang mapabuti ang kalagayan ng Overseas Contract Workers?

4. Paano mo mapapahalagahan ang tulong ng ibang mga bansa sa pagtugon sa isyu ng paggawa lalo na sa sarili mong bansa?

**GCED Theme T5.3**

Tatalakayin sa paksang ito ang mahalagang gampanin ng mga international organizations upang mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa sa bansa. Ipapabatid ng guro na ang mga international organizations or unions ay may layuning mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa para sa inklusibo at patas na pag-unlad.

Rubrics para sa Roundtable Discussion

| Binigyang Tuon | Napakahusay (4 puntos) | Mahusay (3 puntos) | Katamtaman (2 puntos) | Di-gaanong Mahusay (1 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Tinig (Boses) | Angkop na angkop ang lakas/hina ng tinig. Ganap na ganap ang pagkabuo at malinaw na malinaw ang tinig ng mga kasapi. | Angkop ang lakas/ hina ng tinig. Ganap ang pagkabuo at malinaw ang tinig ng mga kasapi. | Hindi masyadong an-gkop ang lakas/ hina ng tinig. Hindi ganap ang pagkabuo ng tinig at hindi masyadong malinaw ang tinig ng mga kasapi | Hindi angkop ang lakas/hina ng tinig. Hindi buo ang tinig at Malabo ang tinig ng mga kasapi. |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Rubrics para sa Roundtable Discussion

| Binigyang Tuon | Napakahusay (4 puntos) | Mahusay (3 puntos) | Katamtaman (2 puntos) | Di-gaanong Mahusay (1 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Organisasyon ng Talakayan | Higit na organisado ang daloy at pagkasunod-sunod ng mahahalagang bahagi ng talakayan. | Sapat na organisadong daloy at pagkasunod-sunod ng mahahalagang bahagi ng talakayan. | Hindi gaanong organisado ang daloy at pagkasunod-sunod ng mahahalagang bahagi ng talakayan. | Hindi organisado ang daloy at pagkasunod-sunod ng mahahalagang bahagi ng talakayan. |
| Pagtatalakay | Matalas at kritikal na bahagian at pamamaraan ng pagtalakay sa paksa ng bawat kasapi. | May sapat na talino ng bahagian at pamamaraan ng pagtatalakay sa paksa ng bawat kasapi. | Kulang sa talas at kritikalidad ang bahagian at pamamaraan ng pagtatalakay sa paksa ng bawat kasapi. | Walang talas at kritikalidad ang bahagian at pamamaraan ng pagtatalakay sa paksa ng bawat kasapi. |
| Kalidad ng Pagsagot | Makabuluhan at tiyak ang paraan ng pagsagot sa mga tanong. | Karaniwan at tiyak ang paraan ng pagsagot sa mga tanong. | Kulang sa kalidad at maligoy ang paraan ng pagsagot sa mga tanong. | Walang kalidad at hindi nasasagot ang mga tanong. |
| Pangkalahatang Dating Pangkalahatang Dating | Higit na nakapanghikayat at nakapagpataas ng kawilihan at kritikalidad ng madla. | Karaniwang nakapanghikayat at sapat na nakapagpataas ng kawilihan at kritikalidad ng madla. | Hindi gaanong nakapanghikayat at bahagyang nakapagpataas ng kawilihan at kritikalidad ng madla. | Hindi na nakapanghikayat at nakapagpataas ng kawilihan at kritikalidad ng madla. |

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

**Gawain 6: Gawin ang Think Pad Activity na nasa ibaba.**

**Words:** Ipaliwanag ang iyong mahalagang natutuhan sa paksang tungkol sa Isyu sa Paggawa: Implikasyon at Tugon.

**Symbols:**Gumuhit ng simbolo or mga simbolo na maaring makapagpakita ng iyong kabuuang natutuhan sa aralin.

**Pictures:** Gumuhit ng larawan batay sa iyong mahalagang natutuhan sa paksa.

**Connections to Life:** Ipaliwanag o gumuhit ng larawan kung paano maaring magamit ang iyong natutuhan sa tunay na buhay.

| | |
|---|---|
| words | symbols |
| pictures | connections to life |

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

**Gawain 7**

Sa parehong pangkatan, pumili ng isa sa mga gawain sa ibaba na kayang gawin ng pangkat gamit ang pamagat na, "ANG AKING PANGARAP PARA SA PILIPINONG MANGGAGAWA NG MUNDO".

1. Tula
2. Spoken Poetry
3. Song Lyrics
4. Rap Verses
5. Essay

Rubrics

| Binigyang Tuon | Napakahusay (5 puntos) | Mahusay (3-4 puntos) | Katamtaman (2-1 puntos) |
|---|---|---|---|
| Pagiging Orihinal at Pagkamalikhain | Ang kabuuan ng presentasyon ay nagpapakita ng lubusang orihinal-idad at pagkama-likhain. | Natapos ang pre-sentasyon subalit hindi gaanong orihinal at hindi gaanong ma-likhain. | Hindi gaanong organisado ang daloy at pagkasu-nod-sunod ng mahahalagang bahagi ng tal-akayan. |
| Pagsisikap at Pagtiti-yaga | Kinikitaan ng lubu-sang pagsusumi-kap, lampas pa sa kinakailangan, ang natapos na presen-tasyon. | Kinikitaan ng pagsusumikap ang natapos na presentasyon subalit may ilang mga kulang sa detalye. | Kinikitaan ng kaunting pag-susumikap ang natapos na pre-sentasyon. |
| Saloobin at Respon-sibilidad | Masigasig na gu-mawa upang matupad ang layunin ng pangkat. | Masigasig na gumawa subalit kinakailangan pa ng tulong buhat sa iba. | Walang sigasig sa paggawa at kailangan pang paalahanan nang malimit. |

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)

**Gawain 8.** Gamit ang iyong kaalaman sa ginawang pagtatalakay, bumuo ng mga mungkahi upang malutas ang suliranin sa paggawa kagaya ng unemployment, underemployment, job-mismatch or job skills mismatch, iskemang subcontracting at mababang pasahod. Magbigay lamang ng limang suliranin sa paggawa at ang mga posibleng mungkahi para malutas ang mga suliraning ito sa iyong bansa o sa daigdig.

| Isyu sa Paggawa | Posibleng Solusyon/Tugon |
| --- | --- |
| Halimbawa: Hindi matugunang pagtaas ng demand ng globally competitive na mga manggagawa na may teknikal at bokasyonal na kakayahan. | Paghihikayat sa mga mag-aaral na magtapos ng pag-aaral at magkaroon ng kasanayang pang-ika-21 siglo upang maging globally competitive na nakabatay sa balangkas ng Philippine Qualificaitons Framework ng Basic Education, Technical Vocational Education at Higher Education. |

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Gawain 9.** Sa parehong pangkatan, sagutin ang pasulit sa ibaba.

Gagawin ito sa pamamagitan ng Student Teams-achievement Division (STAD) kung saan ang indibidwal na makukuhang marka ng kasapi ng pangkat ay magiging basehan ng pangkatang marka.

**Panuto:**Tukuyin ang tamang sagot sa mga tanong sa ibaba. Isulat ang inyong sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ito ay ang batas na nagsasaad ng mga mandato para sa pagsasaayos ng pinakamababang pasahod o minimum wage na naaangkop sa iba't ibang pang-industriyang sektor.

a. Wage Rationalization Act
b. Labor Code of the Philippines
c. Batas Republika Blg. 1131
d. Batas Republika Blg. 8187

2. Isa sa mga isyung kinakaharap ng bansa sa paggawa kaugnay ng paglaki ng unemployment at underemployment ay ang paglaki ng bilang ng job-mismatch. Bakit ito nangyari?

a. Dahil sa kakulangan sa iba't ibang kasanayan ng mga manggagawang Pilipino.
b. Ang mga kursong pinili ng mga mag-aaral ay taliwas sa kanilang interes at kakayahan.
c. Dahil sa kulang ang kaalaman ng mga nagtapos sa kolehiyo batay sa itinakda ng kompanya.
d. Hindi makasabay ang college graduates sa demand ng kasanayan at kakayahan na entry requirement ng kompanya.

3. Alin sa sumusunod ang nagsasaad ng katotohanan tungkol sa ugat ng unemployment sa ating bansa?

a. Maraming Pilipino ang hindi marunong bumasa at sumulat.

b. Malaking bahagdan ng populasyon ng bansa ay mga bata, matatanda at ina.

c. Mabagal magtrabaho ang mga Pilipino at sila ay walang kasanayang teknikal at bokasyonal.

d. Kaunti lamang ang nalilikhang trabaho taon-taon at nagbago ang mga kakailanganing kasanayan ng mga kompanya.

4. Hindi uunlad ang isang bansa kung hindi tutulong ang kaniyang mga mamamayan. Bawat isa ay may gampanin sa pag-unlad ng bansa. Maaring gawin ang sumusunod bilang ilan sa mga estratehiya na makatutulong sa pag-unlad ng bansa MALIBAN sa isa.

a. Pagnenegosyo

b. Tamang pagboto

c. Tamang pagbayad ng buwis

d. Pagbili ng smuggled goods

5. Isa sa mga suliraning kinakaharap ng sektor ng agrikultura ay ang pagkabulok o madaling pagkasira ng kanilang mga ani o produktong agrikultural. Ano ang dahilan nito?

a. Kawalan ng mga mamimili sa pamilihan.

b. Hindi marunong mag-imbak ang mga magsasaka.

c. Likas sa mga Pilipino ang pagiging tamad.

d. Kawalan ng maayos na daan patungo sa pamilihan (farm-to-market roads)

6. Ang kaunlarang pang-ekonomiya ay nasasalamin sa paglawak at pag-unlad ng kakayahan ng mga tao bilang mahalagang bahagi ng lipunan na lumikha ng mga produkto at serbisyo. Sa ganitong aspekto, ano ang mahalagang bahaging ginagampanan ng sektor ng paglilingkod?

a. Sila ang namumuhunan sa bahay-kalakal.

b. Lawaran sila ng mataas na antas ng pamumuhay sa ibang bansa.

c. Sila ang dahilan upang magkaroon ng oportunidad sa pagkakaroon ng trabaho sa isang bansa.

d. Sila ang nagkakaroon ng lakas-paggawa, kasanayan, kaalaman at serbisyo upang matugunan ang mithiin ng pangangailangan.

7. Ang mga sumusunod ay mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa ating mga kababayan na nagtratrabaho sa ibang bansa MALIBAN sa.

a. Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)

b. Department of Education (DepEd)

c. Department of Foreign Affairs (DFA)

d. Philippine Overseas Employment Administration (POEA)

8. Ito ay isa sa epekto ng unemployment na kung saan ang implikasiyon ay ang paglaganap ng kriminalidad, pagpasok sa prostitusiyon at pagbaba ng standard of living ng mga tao.

a. Tumitinding kahirapan

b. Kalusugan ng pag-iisip

c. Nagpupunta sa ibang bansa

d. Pagkalugi ng lokal na negosyante

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

9. Ano ang maaring maging solusyon kapag ang mga mamamayan ng bansa ay walang sapat na kakayahan upang makagawa ng mga bagay-bagay o kaya naman makahanap ng trabaho?

a. Itaas ang antas ng produksiyon.

b. Kontrolin ang mabilis na paglaki ng populasyon.

c. Itaas ang antas ng paggastos ng pamahalaan upang makalikha ng bagong trabaho.

d. Mamuhunan sa edukasyon at pagsasanay upang maitaas ang produktibidad ng mga tao.

10. Ito ay ang ahensiya ng pamahalaan ng Pilipinas na nagpapasigla ng panlabas at panloob na kalakalan upang magkaroon ng trabaho ang mga mamamayan ng ating bansa.

a. Department of Trade and Industry (DTI)

b. Philippine Overseas Employment Administration (POEA)

c. Department of Labor and Employment (DOLE)

d. Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

Pre-test/Subukin:

1. Sad ☹️
2. Sad ☹️
3. Sad ☹️
4. Happy 😀
5. Happy 😀

Assessment/Tayahin:

1. A
2. B
3. D
4. D
5. D
6. D
7. B
8. A
9. D
10. A

# REFERENCES
## SANGGUNIAN


Asia-Pacific Center for Education in International Understanding, Department of Education, Philippine Normal University. Developing GCED Lesson Exemplars.

Department of Education. K to 12 Curriculum Guide (Grade 7-10). Pasig City, 2016

Dallo M. Evangeline et al., KAYAMANAN: Mga Kontemporaryong Isyu, Manila, Rex Book Store Learning Modules AP 10

Morete, F. (2021). Unemployment (Cartoon). Bayugan City, ADS

Philippine Statistics Authority. (2020, June 10). Retrieved August 16, 2021, from http://rssoarmm.psa.gov.ph/release/content/special/55529

Civil Service Commission. (2020, November 9). Retrieved August 16, 2021, from http://www.csc.gov.ph/new-updates/2029-csc-revises-interim-guidelines-on- alterna-tive-work-arrangements-in-gov%E2%80%99t.html

Department of Labor and Employment. (2020, October 20). Retrieved August 16, 2021, from https://www.dole.gov.ph/php_assets/uploads/2020/10/DO-218-20-Guidelines-on-the- Implementation-of-COVID-19-Adjustment-Measures-Program-CAMP-un-der-the-Bayanihan-To-Recover-As-One-Act.pdf

Rubric of Roundtable Discussion. (n.d). Retrieved August 16, 2021, from https://do-kumen.tips/documents/rubric-ng-round-table-discussion.html

비매품/무료
13370
9 791187 819936
ISBN 979-11-87819-93-6